

Impluwensiya ng Banyagang Wika sa Pagkatuto ng Wikang Filipino: Isang Mixed Method na Pag-aaral

Ariana Grace V. Cagas¹, Elealeh Suan-Timosa, MAEd²

¹(Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines)

²(Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines)

ABSTRACT : Ang pagkatuto ng Wikang Filipino ay isang mahalagang aspekto ng paghubog ng identidad bilang isang Pilipino at bilang pangunahing midyum ng komunikasyon at kaalaman ng bawat isa. Gayunpaman, sa gitna ng tumitinding globalisasyon at dominasyon ng mga banyagang wika ay unti-unti nang lumilitaw ang mga hamon sa bisa at lalim sa pagkatuto ng Wikang Filipino. Kaya, ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang impluwensiya ng banyagang wika sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral mula sa institusyon ng Teacher Education sa institusyon ng KCAST. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed method na disenyo, partikular ang convergent parallel approach. Sa kwantitatibong bahagi, mayroong 287 na mga mag-aaral ang tumugon sa pag-aaral at 14 naman na mag-aaral sa kwalitatibong bahagi: 7 sa pinalalim na pakikipanayam at 7 naman sa pokus na pangkalahatang talakayan. Sa resulta, isiniwalat sa kwantitatibong bahagi na ang lebel ng impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng Wikang Filipino ay mataas. Sa karagdagan, ang dalawang baryabol ay may makabuluhang ugnayan, $r(287) = .732, p < .001$. Sa kwalitatibong bahagi ay isiniwalat ang mga temang sumasalamin sa mga karanasan, pamamaraan at pananaw ng mga mag-aaral, may iilang naniniwala sa positibo at negatibong epekto ng ibayong impluwensiya ng banyagang wika sa kanilang pagkatuto ng Wikang Filipino. Ang integrasyon ng mga data sa mahahalagang natuklasan sa kwantitatibo at kwalitatibong parte ay nagpapakita na mayroong pagtatagpo sa mga resulta mula sa respondente at partisipante. Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay makatutulong sa guro, administrador ng institusyon at mga mag-aaral upang magsagawa ng iba't ibang aktibidad o programa upang magkaroon ng malawak na kaalaman, malalim na pag-unawa at upang mapanatili ang kahalagahan ng Wikang Filipino lalo na sa kasalukuyang panahon.

KEYWORDS - *impluwensiya ng banyagang wika, pagkatuto ng wikang Filipino, mixed methods, institusyong pang-edukasyon, teacher education*

I. INTRODUKSYON

Ang pagkatuto ng Wikang Filipino ay nagsisilbing pundasyon sa pagtataguyod ng pambansang kamalayan at isang mahalagang salik na dapat matamo ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng pagkatuto nito ay nahuhubog ang kakayahan ng bawat isa sa pagpapahayag ng sariling saloobin, makabuo ng analitikal na kaisipan at nakatutulong magkaroon ng kamalayan sa lipunang napapabilang. Sa panahon ngayon, karamihan sa mga mag-aaral ay nagpapakita ng kahirapan sa paggamit at pagkatuto ng Wikang Filipino. Ang kahirapan sa pag-intindi ng mga salita, hindi sanay sa pagsasalita sa wika at kahirapan sa pagbuo ng simpleng talata na nasusulat sa Wikang Filipino ay ang mga iilang resulta sa hindi pagnormalisa sa paggamit ng Wikang Filipino. Kaya nagpapakita ito ng hindi masyadong matatas sa paggamit ng sariling wika at higit itong ikinababahala ng lahat (Cortes et al. 2024).

Sa bansang China, may mga hadlang din ang nangyayari sa pagkatuto ng wika partikular na sa mga mag-aaral. Ang kahirapan sa pagbigkas, paggamit ng tamang tono at pagkakaroon ng iba't ibang dayalekto ang mga dahilan ng kahirapan sa pagkatuto ng wika sa epektibong paraan. Dagdag pa rito, ang kahirapan sa pagsulat, tamang pagbuo ng estruktura ng pangungusap at paggamit ng mga idyomatikong pahayag ang nakadagdag din ng kalituhan sa mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wika sa edukasyon at pang-araw-araw man na konteksto (Pan et al., 2023).

Sa Pilipinas, ipinapakita rin ang problema at pagkabahala sa pagpapanatili ng Wikang Filipino sa larangan ng edukasyon. Ang wikang panturo ay hindi lamang umiikot sa isang wika lamang, kung kaya karamihan sa mga mag-aaral ng Unibersidad ng Leyte ang nagpapakita ng kahirapan sa pagkatuto ng mga aralin kung Wikang

Filipino ang gagamitin ng mga guro bilang Wikang Panturo. Batay sa pag-aaral, hindi nakasanayan ng mag-aaral ang paggamit ng Wikang Filipino bilang wikang panturo sa antas ng tersyarya, kaya naman nagresulta ito sa hindi pagnormalisa sa paggamit ng wika, hindi masyadong matatas sa paggamit at pagsasalita ng wika na humantong sa hindi epektibong pagkatuto ng Wikang Filipino sa mga mag-aaral sa antas ng tersyarya (Rabuya, 2023).

Ang patuloy na kahirapan sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa mga mag-aaral ay higit na nakapangangamba. Ito ay nakaaapekto sa kanilang kakayahan sa pakikipagtalastasan, pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan at nakaaapekto sa malalim na pagkilala sa sariling kultura at pagkakakilanlan. Kaya naman kinakailangan ito ng agarang pag-aaral sapagkat unit-unti nang napaparami ang nakakitaan ng kahirapan sa pagkatuto at pag-intindi sa sariling wika. Hangad ng pananaliksik na ito na mabigyan ng agarang solusyon kung paano mas mapahalagahan ang ating Wikang Filipino sa kabila ng napapanahong banta. Ang magiging resulta ng pananaliksik na ito ay magsisilbing daan upang matugunan sa kung ano dapat ang kinakailangan bigyang-pansin ng mga mag-aaral patungkol sa wastong paggamit ng sariling wika sa kasalukuyan at upang magbigay ng mga sanggunian sa mga guro na gumagabay sa pag-aaral na proseso.

Bagama't mayroon ng pag-aaral na isinagawa ni Nacorda et al., (2022) na *Forda Ferson: Implikasyon sa umuusbong na kulturang popular* ay nakatuon sa pag-usbong ng makabagong wika o terminolohiya dulot ng kulturang popular sa ibang bansa at hindi nakapaloob dito ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng wikang Filipino at mga karanasan ng mga mag-aaral sa patuloy na paglaganap ng banyagang wika. Ang pag-aaral naman na isinagawa ni Gime et al., (2020) na *WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino Slang sa Pilipinas* ay nakatuon sa pag-usbong ng mga Filipino *slang* o ang mga napapanahong pagbabago sa mga anyo at estruktura ng wika sa panahon ng mga *GenZers* na karaniwang ginagamit nila sa paaralan man o pang-araw-araw na pamumuhay. Ang pamamaraan na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang Kwantitatibong pag-aaral at hindi nakapaloob dito ang mga hamon na dinanas ng mga mag-aaral na nakaaapekto sa pagkatuto ng wikang Filipino. Wala pang lokal na pag-aaral na maiugnay sa mga hamon na dinanas ng mga mag-aaral sa ilalim ng impluwensya ng banyagang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino na gumamit ng mixed method na pamamaraan na nagpapatunay ng agwat sa pag-aaral na ito.

1.1. Mga Katanungan sa Pananaliksik

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang *convergent parallel mixed method* na pananaliksik sa malawakang pagsusuri sa impluwensiya ng banyagang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral ng *Teacher Education* ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Sa partikular, hinahangad nitong tugunan ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik.

1. Ano ang lebel ng impluwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ng KCAST?
 - 1.1. Pagnanais para sa propesyon at Pang-ekonomiyang Pag-unlad
 - 1.2. Pagnanais na maging *Global Citizen*
 - 1.3. Pagnanais na magkaroon ng Komunikasyon sa mga Banyagang Tao
 - 1.4. Pagnanais na kasiyahan sa sarili o *self-satisfaction* sa pagkatuto
 - 1.5. Sariling Kakayahan o *self-efficacy*
 - 1.6. Pagnanais na makisama sa ibang kultura
2. Ano ang lebel ng pagkatuto ng Wikang Filipino ng mag-aaral ng KCAST?
 - 2.1. Paraan ng Pagtuturo ng Guro
 - 2.2. Kapaligirang Pampagkatuto
 - 2.3. Pamamaraang Pampagkatuto ng Mag-aaral
3. Mayroong bang ugnayan ang impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng Wikang Filipino?
4. Ano-ano ang mga karanasan at pamamaraan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa ilalim ng banyagang impluwensiya?
5. Ano-ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa ilalim ng banyagang impluwensiya?
6. Ang kwalitatibong data ba ay nagpapatunay sa kwantitatibong data?

II. METODOLOHIYA

2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito ay ginamit ang *convergent parallel mixed approach*. Ang *non-experimental* na dulog na ito ay pinagsasama ang mga aspekto ng kwalitatibo at kwantitatibo na pamamaraan. *Convergent parallel* ang pag-aaral na ito dahil gagamit ng parehong kwalitatibo at kwantitatibo na pangangalap ng data, pagsusuri, at paghahambing sa parehong oras, na may mga paghahambing na ginawa pagkatapos makumpleto ang pagsisiyasat. Ang dulog ay ginamit upang siyasin ang napapanahong impluwensiya ng banyagang wika sa

pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Bukod pa rito, madalas na ginagamit nang sa gayon ay pagtagumpayan ang isang kahinaan sa isang paraan na may lakas ng isa pa. Maari din itong makatulong sa pagpapahusay sa dami ng datos sa pamamagitan ng pangangalap ng kwalitatibong data na may malawak na hanay ng mga posibleng sagot (Creswell, 2003).

Ang kwantitatibong bahagi ng pananaliksik na ito ay partikular na gumamit ng *correlation* na pamamaraan. Ang isang pag-aaral na gumagamit ng isang *correlation* na pamamaraan kung saan naglalayong tukuyin ang relasyon o ugnayan ng dalawang baryabol sa pamamagitan ng statistical analysis. Ang pag-aaral na ito ay sinisiyasat ang relasyon ng impluwensiya ng banyagang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mag-aaral sa institusyon ng pang-edukasyon ng KCAST.

Sa kabilang dako, ang mananaliksik ay gumamit ng isang penomenolohikal na pananaliksik sa buong yugto ng pag-aaral na naniniwala na ang bisa ng katotohanan ay maaaring maramihan at subhektibo. Ang mga *focus group discussion* at malalim na *one-on-one* na panayam ay epektibong koleksyon ng kwalitatibong data na pamamaraan para sa pagtulong sa mananaliksik sa pag-aaral ng mga *social norms* ng isang komunidad, ang datos ay nakolekta galing sa malalim na mga panayam at lumikha ng tema batay sa datos na nakolekta ng mananaliksik (Tripoli, 2014).

2.2. Lokasyon ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginawa sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST), isang lokal na kolehiyo sa Mindanao. Sa kasalukuyan, mayroong anim na programa tulad ng *Teacher Education, Criminology, Business Administration, Office Administration, Public Administration, at Agriculture* na inaalok ng libre sa ilalim ng *Republic Act 10931 o Universal Access to Quality Tertiary Education Act* ng *Commission on Higher Education (CHED)*. Ang mga nabanggit na programa ay akreditado ng *Association of Local College and Universities (ALCUCOA)*.

Ang kolehiyo ay orihinal na nasa ilalim ng programa ng Bukidnon State University (BSU) consortium noong 2005. Pagkalipas ng liman taon, naging independyente ang KCAST mula sa BSU at naging bahagi ng pagkilala ng *Commission on Higher Education (CHED)*.

Ang paaralan ng KCAST ay matatagpuan sa bayan ng Kapalong lalawigan ng Davao del Norte. Ito ay isang unang klaseng bayan na mayroong populasyon na 81,068 ayon sa senso noong 2020 at kinapapalooban ng labing-apat na mga barangay. Ito ay napapaligiran sa Hilaga ng lalawigan ng Agusan del Sur, sa Silangan ay ang lalawigan ng Davao de Oro. Sa bandang timog naman ay ang mga bayan ng Asuncion at Sto. Tomas, habang nasa Kanluran ang bayan ng Talaingod at lalawigan ng Bukidnon.

2.3. Partisipante

Sa kwantitatibong bahagi, ang mananaliksik ay unang nangalap ng datos sa populasyon ng mga respondente sa pamamagitan ng pagsulat ng isang pormal na liham sa *College Registrar* na humiling ng access sa populasyon ng mga mag-aaral mula sa piling medyor sa institusyon ng pang-edukasyon (*Teacher Education*) sa institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ayon sa kalkulasyon ng statistician gamit ang *stratified random sampling*, dalawang daan at walumpu't pito (287) mag-aaral ang napabilang sa sampol mula sa 1086 na mga mag-aaral mula sa mga kursong BSEd English, BSEd Filipino, BSEd Mathematics at BEED- Generalist.

Sa kwalitatibong bahagi naman ay may labing-apat (14) na respondente, ang mga mag-aaral na pinili na sumali sa pinalalim na panayam (*in-depth interview*) ay pito (7) kung saan isa-isa itong tatanungin hinggil sa mga katanungang inihanda ng mananaliksik. Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral na pinili na sumali sa pangkalahatang talakayan (*focus group discussion*) ay pito rin, kung saan ang mga kalahok ay sabay-sabay na tatanungin ng mga katanungang inihanda ng mananaliksik.

2.4. Instrumento

Ang instrumentong ginamit sa *independent variable* na impluwensiya ng banyagang wika ay mula sa pag-aaral nina Gonzales & Lopez (2016), na may mga indiketyor na sumusunod: pagnanais para sa propesyon at pang-ekonomiyang pag-unlad, pagnanais na maging *global citizen*, pagnanais na magkaroon ng komunikasyon sa mga banyagang tao, pagnanais na kasiyahan sa sarili (*self-satisfaction*) sa pagkatuto, *self-efficacy*, at pagnanais na makisama sa ibang kultura para sa impluwensiya ng banyagang wika. Sa kabilang dako naman ang instrumentong ginamit sa *dependent variable* na pagkatuto ng Wikang Filipino ay mula sa pag-aaral nina Falcasantos et al., (2024), na may mga indiketyor na sumusunod: paraan ng pagtuturo ng Guro, kapaligirang pampagkatuto, at pamamaraang pagkatuto ng mag-aaral.

Gamit ang *Five Point Likert Scale* sasagot ang mga kalahok gamit ang iskala na 1 hanggang 5, na may 1 na nagsasaad ng napakababa at 5 kung napakataas. Bagama't inangkop lamang ang talatanungan, ito ay isinilalim sa beripikasyon ng mga eksperto.

Sa kwalitatibong bahagi, naghanda ang mananaliksik ng interview protocol at FGD guide na na-validate na ng mga eksperto. Binubuo ito ng mga open-ended na mga katanungan tungkol sa buhay na karanasan ng mga mag-aaral patungkol sa napapanahong impluwensiya ng banyagang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino.

2.5. Pagsusuri ng Datos

Sa pagsusuri ng kwantitatibong datos, ginamit ang *descriptive statistics*, partikular na ang *mean* upang masiyasat ang kasalukuyang antas ng impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng wikang Filipino. Bukod pa rito, ginamit din sa pagsusuri ng datos ang *inferential statistics*, partikular na ang *correlation* upang matuklasan ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng wikang Filipino.

Sa pagsusuri ng kwalitatibong datos ay ginamit ang *thematic analysis*. Ang mga tugon ng mga kalahok ay itinala, inayos at binawasan ang data sa mga tema sa pamamagitan ng proseso ng *coding* at *condensing* ng mga *code*. Ang mga datos ay ipinakita gamit ang mga pigura, talahayan o isang salaysay. Ang deskriptibong datos at mga proseso tulad ng *coding* at pagkakategorya upang ayusin ang data ang gagamitin. Ang layunin ay para bumuo ng mga tema na maaaring magamit upang ilarawan ang karanasan mula sa pananaw ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang pagsusuri ng isang mahusay ay isang umuulit na proseso; ibig sabihin na ang isang pangwakas na pagsusuri ng data ay makakamit sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbabasa at muling pagbabasa ng datos at paulit-ulit na pagbuo ng mga tema at pagpipino ng mga tema.

III. RESULTA

3.1. Antas ng Impluwensiya ng Banyagang Wika

Ipinakita sa Talahanayan 1.1 ang mga tugon ng mga mag-aaral mula institusyon ng *Teacher Education* sa impluwensiya ng banyagang wika sa institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ayon sa resulta, nakakuha ito ng pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.22 o na may deskripsiyon na napakataas. Ito ay nagpapakita na impluwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ng institusyon ng *Teacher Education* ay palaging naganap. Ang baryabol ng pananaliksik na Impluwensiya ng banyagang wika ay may anim na indikatoryor na sumusunod: pagnanais para sa propesyon at pang-ekonomiyang pag-unlad, pagnanais na maging *global citizen*, pagnanais na magkaroon ng komunikasyon sa mga banyagang tao, pagnanais na kasiyahan sa sarili o *self-satisfaction* sa pagkatuto, sariling kakayahan o *self-efficacy* at pagnanais na makisama sa ibang kultura.

Talahanayan 1.1

Impluwensiya ng Banyagang Wika

Baryabol at Indikatoryor	Mean	Deskripsyon
A. Pagnanais para sa Propesyon at Pang-ekonomiyang Pag-unlad		
1. Makatutulong na pataasin ang aking tyansa na makakuha ng trabaho.	4.34	Napakataas
2. Makatutulong para makakuha ng trabahong may mataas na sweldo.	4.25	Napakataas
3. Magkakaroon ng pinansiyal na benepisyo para sa akin sa hinaharap.	4.28	Napakataas
4. Makatutulong para sa aking trabaho sa hinaharap.	4.31	Napakataas
5. Makatutulong na magkaroon ng mas maayos na oportunidad sa trabaho pagkatapos ng aking pag-aaral.	4.32	Napakataas
6. Nagbibigay sa akin ng mas maraming oportunidad pagkatapos ng aking pag-aaral.	4.31	Napakataas
7. Nagbibigay sa akin ng kalamangan kumpara sa ibang mga aplikante sa trabaho sa hinaharap.	4.15	Mataas
8. Isang paraan ng pagpapahusay sa akin para sa aking propesyon sa hinaharap.	4.27	Napakataas
KABUOAN	4.28	Napakataas
B. Pagnanais na maging Global Citizen		
1. Nakatutulong sa akin na maunawaan ang iba pang mga kultura.	4.40	Napakataas
2. Isang paraan sa pag-aaral ng ibang kultura.	4.33	Napakataas

3. Pinapalawak ang aking pananaw sa ibang kultura.	4.34	Napakataas
4. Nakatutulong na pahalagahan ang mga banyagang tao kung alam ko ang kanilang wika.	4.29	Napakataas
5. Nagbibigay daan sa akin na maunawaan ang ibang mga kultura.	4.34	Napakataas
6. Mahalaga para sa akin upang maunawaan ang ibang mga kultura.	4.32	Napakataas
7. Nagbibigay sa akin ng kumpiyansa sa sarili upang maunawaan ang ibang kultura.	4.34	Napakataas
8. Nakatutulong upang maging maalam o edukado tungkol sa ibang kultura.	4.36	Napakataas
KABUOAN	4.34	Napakataas
C. Pagnanais na magkaroon ng Komunikasyon sa mga Banyagang Tao		
1. Nakatutulong na magkaroon ng komunikasyon sa mga banyaga gamit ang kanilang katutubong wika.	4.36	Napakataas
2. Nakatutulong na makipag-usap sa mga banyaga gamit ang kanilang sariling wika.	4.29	Napakataas
3. Nakatutulong na magkaroon ng mas madaling pakikisama sa mga banyaga.	4.30	Napakataas
4. Nakabibighani kapag naririnig kong nagsasalita ang isang banyaga.	4.21	Napakataas
5. Nakatutulong kung pupunta ako sa mga bansa kung saan ito sinasalita.	4.28	Napakataas
6. Kapaki-pakinabang kapag pupunta ako sa ibang bansa.	4.31	Napakataas
KABUOAN	4.29	Napakataas
D. Pagnanais na Kasiyahan sa Sarili (<i>Self-satisfaction</i>) sa Pagkatuto		
1. Naka-iinganyong pag-aralan kapag binibigyan ako ng mga libro ng aking mga kaibigan na halaw sa ibang bansa.	4.12	Mataas
2. Naka-iinganyong saliksikin sa iba't ibang pook-sapot (website) na tumatalakay sa mga banyagang wika sa Internet.	4.07	Mataas
3. Mainam na pag-aralan dahil may mga kaibigan akong nasisiyahan sa pag-aaral nito.	4.07	Mataas
4. Nakakapag-ingganyo na manood ng mga pelikula sa TV o DVD kung wikang banyaga ang gamit nito.	4.14	Mataas
5. Mainam na pag-aralan kasama ang aking mga kaklase.	4.06	Mataas
6. Nakaka-ingganyong pag-aralan upang makapasa sa isang entrance examination.	4.18	Mataas
KABUOAN	4.11	Mataas
E. Sariling Kakayahan o <i>Self-efficacy</i>		
1. Nakikisabay nang mabuti sa mga asignaturang nakapokus sa Wikang Banyaga.	4.14	Mataas
2. Naiinganyo na matuto ng banyagang wika dahil sa pakiramdam ko magaling ako rito.	3.99	Mataas
3. Komportable akong magsalita sa aking mga klase na nakapokus sa Wikang Banyaga.	4.03	Mataas
4. Naiinganyong matuto ng Banyagang Wika kahit mahirap ito.	4.06	Mataas
5. Natutuwa kapag nabigyang-pansin ng aking guro ang aking pag-unlad sa asignaturang nakapokus sa Wikang Banyaga.	4.09	Mataas
6. Naniniwala na may angking abilidad ako sa pagkatuto nito.	4.13	Mataas
KABUOAN	4.07	Mataas

F. Pagnanais na Makisama sa Ibang Kultura

1. Nakatutulong sa akin kung ako ay makapagdesisyon na tumira sa ibang bansa.	4.18	Mataas
2. Nakatutulong sa akin na magkaroon ng interaksyon sa mga banyagang tao sa tamang paraan.	4.28	Napakataas
3. Nakaka-interesadong matutunan at maunawaan ang mga banyagang kultura.	4.18	Mataas
4. Nakatutulong na ihanda ang aking sarili kung ako ay makapagdesisyon na tumira sa ibang bansa.	4.18	Mataas
5. Nakatutulong na maunawaan ang ibang banyagang kultura, kaya gusto ko itong pag-aralan.	4.18	Mataas
6. Nakatutulong na magkaroon ng pakikisalamuha sa mga banyagang tao.	4.21	Napakataas

KABUOAN**4.20****Napakataas**

Pangkalahatang Kabuoan	4.22	Napakataas
-------------------------------	-------------	-------------------

Pagnanais para sa propesyon at pang-ekonomiyang pag-unlad. Ang indiketyor na pagnanais para sa propesyon at pang-ekonomiyang pag-unlad ay may pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.28 o napakataas. Ito ay nagpapakita na ang impluwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ay palaging naganap. Sa pag-aaral ni Softa (2022), ang pagkatuto o pagtamo ng banyagang wika ay nagpapataas ng kanilang tyansa na makahanap ng trabahong may mataas na sahod at makamit ang paglago sa propesyon o *career*. Kaya, ang mga nakikitang benepisyong pang-ekonomiya ang nagtutulak sa mga indibidwal sa pagtamo ng banyagang wika sa iba't ibang paraan.

Pagnanais na maging Global Citizen. Ang indiketyor na pagnanais na maging Global citizen ay nakakuha ng pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.34 o napakataas. Ito ay nangangahulugan na ang impluwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ay palaging naganap. Ito ay naaayon sa pag-aaral ni Cavanagh (2020), na ang pagtamo ng banyagang wika ay isang salik upang magkaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa iba't ibang kultura sa daigdig at ang pagtamo ng wikang ito ay isa sa mga pamantayan upang maging *Global Citizen* sa kasalukuyang panahon. Ito ay nagpapakita na ang tunay na pagsasanay sa wika ay maaaring mas kapaki-pakinabang sa pagbuo ng mga *global citizen* at ang pagtaas ng kamalayan sa pagkakaiba-iba ng wika ay maaaring magbigay daan para sa isang negosasyon ng iba't ibang pagkakakilanlan.

Pagnanais na magkaroon ng Komuniksasyon sa mga Banyagang tao. Ang indiketyor na pagnanais na magkaroon ng Komuniksasyon sa mga Banyagang tao ay nakakuha ng pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.29 o napakataas. Ito ay nagpapakita na ang Impluwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ay palaging naganap. Ito ay sinang-ayunan sa pag-aaral ni Dos Santos (2021), na ang pag-aaral ng wikang banyaga ay isa sa mga pinakamahalagang kasanayan sa komunikasyon at wika para sa maraming kontemporaryong mag-aaral, anuman ang edad, pinagmulan, pagkakataong pang-edukasyon, lokasyon at hangarin. Kaya, hinihikayat ang mga mag-aaral na matuto ng wikang banyaga dahil isa itong prayoridad sa kasalukuyang edukasyon at upang magkaroon ng malawak na komunikasyon sa iba't ibang tao sa daigdig.

Pagnanais na kasiyahan sa sarili (self-satisfaction) sa pagkatuto. Ang indiketyor na pagnanais na kasiyahan sa sarili o *self-satisfaction* sa pagkatuto ay nakakuha ng pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.11 o mataas. Ito ay nagpapakita na ang Impluwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ay madalas na naganap. Inilahad nina Shadiey & Huang (2022), na ang kasiyahan sa pag-aaral ay tumutukoy sa isang positibo o negatibong emosyonal na tugon sa ilang mga stimuli. Ang kasiyahan sa pag-aaral ay resulta ng mga panlabas at panloob na salik o motibasyon na nakakaimpluwensiya sa mga karanasan sa pag-aaral, tulad ng mga grado o damdamin ng pagpapahalaga sa sarili, ayon sa pagkakabanggit.

Sariling Kakayahan o self-efficacy. Ang indiketyor na sariling kakayahan o *self-efficacy* ay nakakuha ng pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.07 o mataas. Ito ay nagpapakita na ang impluwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ay madalas na naganap. Ayon sa pag-aaral nina Özer at Akçayoğlu (2020), ang mataas na *self-efficacy* ay maaaring humantong sa mas mahusay na pagganap sa pang-akademiko sa Wikang Ingles.

Maari itong irekomenda na dapat isaalang-alang ng mga guro ng wika ang mga aspekto upang mabigyan ang kanilang mga mag-aaral ng mas nakapag-udyok na karanasan sa pag-aaral kung saan maaari silang magkaroon ng mas aktibong responsibilidad para sa kanilang pag-aaral.

Pagnanais na makisama sa ibang kultura. Ang indiketyor na pagnanais na makisama sa ibang bansa ay nakakuha ng pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.20 o napakataas. Ito ay nagpapakita na ang impulwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ay palagi na naganap. Pinalawig nina Ji at Shappi (2024), na dahil sa kasagsagan ng globalisasyon na nakakaapekto na ngayon sa bawat bansa at ang pagtaas ng palitan ng kultura sa iba't ibang larangan, nagkaroon ng lumalaking diin sa pagtuturo ng kultura bilang bahagi ng pag-aaral ng wikang banyaga dahil sa paglitaw ng "*communicative language teaching*", na nagbibigay-kahulugan sa ugnayan sa pagitan ng wika at kultura. Ang malapit na ugnayan sa pagitan ng wika at kultura ay nagiging mahalagang paraan ang pag-aaral ng kultura upang mapabuti ang mga pangunahing kasanayan sa wika at "*intercultural communicative competence*".

3.2. Antas ng Pagkatuto ng Wikang Filipino

Ipinakita sa Talahanayan 1.2 ang mga tugon ng mga mag-aaral mula sa institusyon ng Teacher Education sa pagkatuto ng wikang Filipino sa institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ayon sa resulta, nakakuha ito ng pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.11 na may deskripsyon na mataas. Ito ay nagpapakita na ang pagkatuto ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ng institusyon ng *Teacher Education* ay madalas naipamalas. Ang baryabol ng pananaliksik na pagkatuto ng Wikang Filipino ay may tatlo na indiketyor na sumusunod: paraan ng pagtuturo ng guro, kapaligirang pampagkatuto at pamamaraang pampagkatuto ng mag-aaral.

Talahanayan 1.2

Pagkatuto ng Wikang Filipino

Baryabol at Indiketyor	Mean	Deskripsyon
A. Paraan ng Pagtuturo ng Guro		
1. Mas nauunawaan ko ang pagtuturo sa aralin ng aking guro sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga makabagong kagamitang panturo.	4.33	Napakataas
2. Mas mabilis kong nauunawaan ang pagtatalakay sa aralin kung nalinaw ang paglalahad ng guro sa kaniyang pagtuturo.	4.33	Napakataas
3. Mas nakapupukaw ng aking atensyon ang pagtuturo ng guro sa aralin kung may kasiglahan sa kaniyang pagtuturo.	4.36	Napakataas
4. Hindi ko nauunawaan ang paksa kung sa amin ipinatatalakay ang mga paksang-aralin.	3.95	Mataas
5. Mas nauunawaan ko ang mga paksa aming tinatalakay sa aralin kung ito ay inihahalintulad ng guro sa totoong buhay.	4.28	Napakataas
6. Lubos kong nauunawaan ang talakayan sa aralin sa pamamagitan ng paggamit ng mga biswal na pagtuturo ng guro.	4.32	Napakataas
7. Mas nauunawaan ko ang paksang tinatalakay sa aralin kung sa amin ipinapaulat ang mga paksa.	4.09	Mataas
8. Hindi ko nauunawaan ang paksa na aming tinatalakay kung ukol lamang sa buhay ng aming guro ang itinuturo.	4.11	Mataas
9. Mas nauunawaan ko ang pagtuturo sa aralin ng aking guro sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga makabagong kagamitang pagtuturo (Tv, Pptx, Canva, PreziL, atbp.).	4.29	Napakataas
10. Hindi ko nauunawaan ang pagtuturo sa aralin ng aking guro sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga makabagong kagamitang pagtuturo.	3.03	Katamtaman
KABUOAN	4.11	Mataas

B. Kapaligirang Pampagkatuto

1. Mas nailalaan ko ang aking oras at atensyon sa pag-aaral sa tahimik na lugar.	4.41	Napakataas
2. Hindi ko lubos na maunawaan ang talakayandahil sa sabay na sabay na ingay ng aking mga kamag-aral.	4.18	Mataas
3. Hindi ako makapag pokus sa pakikinig sa talakayan dahil sa kaingayan ng paligid.	4.27	Napakataas
4. Mas madali kong nasusunod ang aralin dahil sa mga kaibigan kong tumutulong sa akin.	4.30	Napakataas
5. Hindi ako komportable sa pag-aaral dahil sa kakulangan ng electricfan dahilan ng pagka-init ng silid-aralan.	3.93	Mataas
6. Madali akong madistorbo sa mga kalat na aking nakikita sa bawat sulok.	4.09	Mataas
7. Madalas masira ang aking pakikinig dahil sa maliit na espasyo ng paaralan na nagiging dulot ng pagka-init.	4.04	Mataas
8. Mas gusto kong magbasa ng libro kaysa pagbabasa sa internet ng iba't ibang impormasyon ukol sa aralin.	3.97	Mataas
9. Hindi ako makapag-aral nang mabuti dahil sa mga sirang pasilidad ng paaralan.	3.93	Mataas
10. Hindi ko maisagawa ang aking pag-aaral sa maraming taong nakapaligid sa akin.	4.11	Mataas

KABUOAN**4.12****Mataas****C. Pamamaraang Pampagkatuto ng Mag-aaral**

1. Mas nakapopokus ako sa pag-aaral sa mas komportableng lugar.	4.51	Napakataas
2. Hindi ko nauunawaan ang mga aralin sa Filipino kung ako ay nakapaligid sa mga maiingay na tao.	4.20	Napakataas
3. Hindi napapadali ang aking paghahanap ng mahahalagang impormasyon ng Filipino sa pamamagitan ng internet.	3.98	Mataas
4. Mas nakakatuon ng aking atensyon ang iba't ibang disenyo ng teknolohiya sa ginagamit sa pagtuturo.	4.12	Mataas
5. Mas gusto ko ng maraming tanong sa guro kaysa unawain at basahin ang isang aralin sa isang upuan.	4.00	Mataas
6. Nakapag-aaral ako nang mabuti kapag kasama ko ang aking kamag-aral habang inaaral ang iba't ibang aralin.	4.07	Mataas
7. Mas mabilis kong maunawaan ang ibang takdang aralin sa pamamagitan ng pagtuturo ng guro kaysa magkaroon ng sariling pagkatuto (self-study).	4.11	Mataas
8. Hindi ako nakapagpopokus ng pag-aaral kung sinasabayan ko ito ng pakikinig ng melodiya.	4.00	Mataas
9. Mas gusto ko ng maraming tanong sa guro kaysa unawain at basahin ang isang aralin sa isang upuan.	3.99	Mataas
10. Gusto kong magbasa ng libro kaysa pagbabasa sa internet ng iba't ibang impormasyon ukol sa aralin.	4.01	Mataas

KABUOAN**4.10****Mataas****Pangkalahatang Kabuonan****4.11****Mataas**

Paraan ng Pagtuturo ng Guro. Ang indikaytor na paraan ng pagtuturo ng Guro ay may pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.11 o mataas. Ito ay nagpapakita na ang pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral ay madalas na naipamalas. Binigyang diin ni Alo (2023), na ang paraan ng pagtuturo ng guro ay isang susi sa matagumpay na pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagiging matatas ng guro sa asignatura at maayos na pagtuturo, ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa linggwistika, mayroon ng angking talino sa wastong paggamit ng gramatika at malawak na kaisipan sa mga bokabularyo.

Kapaligirang Pampagkatuto. Ang indikaytor na kapaligirang pampagkatuto ay nakakuha ng pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.12 o mataas. Ito ay nangangahulugan na ang pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral ay madalas na naipamalas. Inilahad sa pag-aaral nina Macario et al. (2023), ang malaking ginampanan ng kapaligirang pampagkatuto sa mga mag-aaral partikular na sa kanilang pagkatuto sa wikang Filipino. Ang pagkakaroon ng maayos at komportableng pasilidad ay isa sa mga salik upang makamit ang lubos na pagkatuto at pagtuturo na dapat taglayin ng bawat paaralan sa bansa.

Pamamaraang pampagkatuto ng Mag-aaral. Ang indikaytor na pamamaraang pampagkatuto ng mag-aaral ay may pangkalahatang mean sa kabuoan na 4.10 o mataas. Ito ay nagpapakita na ang pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral ay madalas naipamalas. Inihayag nina Dzulkalnine et al. (2024), na ang pag-unawa sa kanilang sariling estilo ng pagkatuto ay maaaring magkaroon ng mahalagang impluwensiya sa kanilang akademikong pagganap. Ito ay maaaring maging daan upang magkaroon ng mas mataas na pakikilahok, mas mahusay na pag-unawa, at pinabuting pag-alala ng impormasyon.

3.3. Ugnayan ng Impluwensiya ng Banyagang Wika at Pagkatuto ng Wikang Filipino

Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang mga resulta ng tiyak na pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng wikang Filipino. Ang masusing pagsusuri ng datos ay nagpapakita na ang impluwensiya ng banyagang wika ($M=4.22$) at pagkatuto ng wikang Filipino ($M=4.11$) ay may katamtamang positibong ugnayan. Ang *correlation coefficient* (r -value) ay karaniwang may absolutong halaga sa pagitan ng 0.6 at 0.8, na nagpapahiwatig na, bagama't hindi kasing lakas ng mga sitwasyong may mas mataas na *correlation coefficients*, ang isang variable ay may posibilidad na tumaas kasabay ng pagtaas ng isa pa, ayon sa paglalarawan nina Cohen at Holliday (1983) sa saklaw ng iba't ibang antas ng ugnayan.

Makikita rin sa nasabing talahanayan ang resulta ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng wikang Filipino, $r(287) = .732, p < .001$. Karaniwan, ang r -value ay nagpapahiwatig ng *correlation coefficient* r na iniulat kasama ng *degrees of freedom* na nauugnay sa ugnayan. Sa kasong ito, may isang parameter na kailangang tantiyahin, kaya ang *degrees of freedom* (df) ay $n-1$, kung saan ang n ay ang laki ng sample. Partikular, ang *correlation coefficient* na $r = .732$ ay nagpapakita ng lakas at direksyon ng linear na ugnayan sa pagitan ng mga variable, na nangangahulugang humigit-kumulang 73.2% ng pagbabago sa isang variable ay maaaring ipaliwanag ng pagbabago sa isa pa. Samantala, ang natitirang porsyento (26.8%) ay kumakatawan sa hindi maipaliwanag na pagbabago, na maaaring nagmula sa mga salik na hindi isinama sa pagsusuri o mula sa random na pagkakaiba-iba.

Dahil ang *probability value* ($p < .001$) ay mas mababa kaysa sa antas ng kahalagahan ($\alpha = 0.05$), tinatanggi ang *null hypothesis*. Ibig sabihin, may positibo at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng wikang Filipino. Sa ibang salita, ang mataas na antas ng impluwensiya ng banyagang wika ay may kaugnayan sa mataas na antas ng pagkatuto ng wikang Filipino.

Talahanayan 2

Makabuluhang ugnayan sa Pagitan ng Impluwensiya ng Banyagang Wika at Pagkatuto ng Wikang Filipino

Variable	Mean	R-Value	P-Value	Decision $\alpha=0.05$
Impluwensiya ng Banyagang Wika	4.22	.732	<.001	H₀ Rejected
Pagkatuto ng Wikang Filipino	4.11			

3.4. Ang karanasan at Pamamaraan ng mga Mag-aaral tungo sa Impluwensiya ng Banyagang Wika sa Pagkatuto ng Wikang Filipino

Ang mga karanasan at pamamaraan ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng banyagang wika sa kanilang pagkatuto ng Wikang Filipino ay nailahad sa Talahanayan 3.1. Mapapansin ang mga isyung sinuri na siyang

paraan upang mabuo ang mga pangunahing tema, code o kategorya at pangunahing ideya. Ito ay naglalayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa mga karanasan ng mag-aaral sa institusyon ng *Teacher Education*. Sa pamamagitan nito, ang iba't ibang pahayag batay sa iba't ibang mga may-akda at mga teorista ay ipinakita kaugnay sa mga karanasan at pamamaraang ito.

Talahanayan 3.1

Ang Karanasan at Pamamaraan ng mga Mag-aaral sa KCAST tungo sa Impluwensiya ng Banyagang Wika sa Pagkatuto ng Wikang Filipino

Isyung Sinuri	Pangunahing Ideya	Code/ Kategorya	Pangunahing Tema	Teoritikal na Suporta
Epekto ng malawakang paggamit ng Wikang Banyaga sa pag-unlad ng Wikang Filipino	- Gumagamit ng Wikang Banyaga sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon. - Nagpapakita ng higit na kahusayan sa pagsasalita ng Ingles kaysa sa Filipino. - Umaasa sa Wikang Banyaga sa mga social media sites at iba pang digital platforms.	Paglaganap ng Wikang Banyaga sa Araw-araw na Pamumuhay	Paglaganap ng Wikang Banyaga sa Lipunan at Edukasyon	Linguistic Imperialism Theory (Phillipson, 1992)
	- Umaasa sa Ingles bilang pangunahing midyum ng pagtuturo sa paaralan. - Nakakaranas ng kahirapan sa paggamit ng Wikang Filipino sa akademikong pagsulat. - Gumagamit ng mga akademikong materyales na nakalimbag sa Wikang Banyaga. - Nakakaranas ng limitadong access sa impormasyon ng nakasulat sa Wikang Filipino sa internet.	Pangingibabaw ng Wikang Banyaga sa Edukasyon		

Mga dahilan at motibasyon ng mag-aaral sa pagpapalawak ng kaalaman sa Wikang Filipino	• Nagnanais na mapalawak ang paggamit at kaalaman sa Wikang Filipino. • Nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura at identidad sa pamamagitan ng paggamit ng wika. • Nagnanais ng malalim na pag-unawa sa kursong napili gamit ang Wikang Filipino.	Pagpapahalaga sa Kultura at Aydentidad sa Pamamagitan ng Wika	Pagpapahalaga at Paggamit ng Filipino sa Kultura, Edukasyon, at Propesyon	Sociocultural Theory (Vygotsky, 1920s-1930)
	• Ginagamit ang Wikang Filipino sa pagbabasa ng mga akda at pananaliksik. • Nakikipag-ugnayan sa propesyonal na larangan gamit ang Wikang Filipino. • Nagpapakita ng pagmamalaki sa sariling wika at kultura. • Nililinang ang kahusayan sa paggamit ng Filipino upang mapalakas ang kumpiyansa sa sarili.	Paggamit ng Wikang Filipino sa Akademiko at Propesyonal na Larangan		
Paraan ng Pagsusulong ng Wikang Filipino bilang instrumento ng tagumpay sa hinaharap	• Pinapanatili ang importansya ng Wikang Filipino sa akademikong larangan. • Ginagamit ang wika bilang paghahanda sa hinaharap at sa propesyon. • Isinusulong ang paggamit ng Wikang Filipino sa mga propesyonal at akademikong gawain.	Pagsusulong ng Wikang Filipino sa Edukasyon at Trabaho	Pagtatatag ng Wikang Filipino bilang Susi sa Edukasyon at Propesyonal na Tagumpay	Communicative Competence Theory (Hymes, 1966)

• Hinihikayat ang sarili na magpursige sa pag-aaral gamit ang Wikang Filipino. • Hinihikayat ang paggamit ng Filipino sa mga opisyal na diskusyon at presentasyon. • Nililinang ang kahusayan sa paggamit ng Filipino upang mapalakas ang kumpiyansa sa sarili.	Pagtataguyod ng Filipino bilang Wika ng Pagkatuto at Tagumpay		
---	---	--	--

Paglaganap ng Wikang Banyaga sa Lipunan at Edukasyon. Sa konteksto ng impluwensiya ng Banyagang Wika sa Pagkatuto ng Wikang Filipino, ito ang unang tema na nakita sa pananaliksik ay ang paglaganap ng Wikang Banyaga sa Lipunan at Edukasyon. Ilan sa mga karanasan ng mag-aaral ay nasagot sa isinagawang panayam tungo sa impluwensiya ng wikang banyaga ay ang malawakang paglaganap ng banyagang wika sa kanilang paaralan maging sa komunidad. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang *Linguistic Imperialism Theory* ni Robert Phillipson (1992) na nagsasaad na ang pagpapalaganap ng isang wika, tulad ng Ingles, ay isang anyo ng dominasyon na nagpapalakas sa kapangyarihan ng mga bansang Kanluranin habang pinahihina ang lokal na wika at kultura. Ibig sabihin, ang teoryang ito ay nangangahulugan na ang paglaganap ng banyagang wika ay maaaring magpapahina sa ating sariling wika kung mas ginagamit ito sa pang-araw-araw.

Ayon sa pag-aaral ni Pongase (2024), karamihan sa mga mag-aaral ay mas madaling natutuhan ang Wikang Ingles kaysa sa sariling wika dahil sa malawakang paglaganap nito sa Lipunan. Kadalasang napapansin na nahihirapan ang mga mag-aaral na magkaroon ng malalim na pag-unawa sa Filipino dahil hindi pa gaanong magaling o bihasa sa wikang ito.

Pagpapahalaga at Paggamit ng Filipino sa Kultura, Edukasyon, at Propesyon. Bilang tugon sa pinalalim na mga panayam at pokus na pangkalahatang talakayan, ito ang pangalawang tema. Binanggit ng mga kalahok ang mga nais nilang upang manatli ang pagpapahalaga sa Wikang Filipino sa kabila ng paglaganap ng Banyagang wika sa kasalukuyang panahon. Nagdudulot ito ng motibasyon sa pagkatuto lalo na sa mga mag-aaral. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang *Sociocultural Theory* ni Lev Vygotsky (1920-1930) na kung saan ito ay nagsasaad na ang pagkatuto at pag-unlad ng isang tao ay nakabatay sa kanyang interaksyon sa lipunan, kultura, at mas may karanasang indibidwal sa pamamagitan ng wika at gabay.

Ito ay sinang-ayunan sa pag-aaral nina Rivera et al. (2024), na mahalaga ang ginampanan ng wikang Filipino bilang medyor na asignatura na makatutulong sa mga mag-aaral na tatahaking trabaho sa hinaharap dahil nalalawakan ang sakop nito sa kanilang piniling kurso. Ang pagkilala sa mga asignatura ay maaaring maging gabay sa loob ng programa upang mapahusay ang kanilang iba't ibang kakayahan upang makapaglingkod sa iba't ibang sektor at industriya.

Pagtatag ng Wikang Filipino bilang Susi sa Edukasyon at Propesyonal na Tagumpay. Ito ang ikatlong tema sa isyung sinuri. Sa kabila man ng malawakang paggamit ng banyagang wika sa kasalukuyang panahon ay pinapanatili pa rin ang paggamit ng wikang Filipino bilang susi sa edukasyon at propesyonal na tagumpay ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang *Communicative Competence Theory* ni Dell Hymes (1966) na kung saan ito ay nagsasaad na ang epektibong paggamit ng wika ay hindi lang tungkol sa tamang gramatika kundi pati na rin sa kakayahang gamitin ito nang angkop ayon sa konteksto ng kultura at lipunan.

Ayon sa pag-aaral nina Lapatha at Cuajao (2024), ang wika ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon at kultura ng bansang Pilipinas. Kaya upang mas mapalaganap ang kaalaman at pag-unawa sa asignaturang Filipino maraming pamamaraan ang nailunsad upang mapalakas ang kakayahan sa pagtuturo. Ang kontekstuwalisasyon sa pagtuturo ay lumilitaw bilang isang makabago at mapanlikhang pamamaraan sa pagtuturo ng mga asignatura na maaaring gamitin ng mga guro upang mas mapalawak pa ang kaaalaman sa wika ng mga mag-aaral.

3.5. Ang Pananaw ng mga Mag-aaral tungo sa Impluwensiya ng Banyagang Wika sa Pagkatuto ng Wikang Filipino

Ang mga pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa napapanahong impluwensiya ng banyagang wika sa kanilang pagkatuto ng Wikang Filipino ay inilahad sa Talahanayan 3.2. Kapansin-pansin ang mga temang sumasalamain sa mga pananaw ng mga mag-aaral na naglalayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa pananaw ng mga mag-aaral sa institusyon ng *Teacher Education*.

Pagpapahalaga at Pangangalaga sa Wikang Filipino. Sa konteksto ng impluwensiya ng banyagang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino, ito ang unang tema na nakita sa isyung sinuri. Ang temang may pagpapahalaga at pangangalaga sa Wikang Filipino. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang *Sociocultural Theory* ni Lev Vygotsky (1930) na naglalahad na ang pagkatuto ng isang tao ay nagaganap sa pamamagitan ng interaksyon sa kanyang kapaligiran, lalo na sa mas may karanasang indibidwal gaya ng guro, magulang o kapwa. Itinalakay rin sa teoryang ito na napapanatili ang pagpapahalaga at pangangalaga ng wika sa pamamagitan ng paggamit nito sa pang-araw-araw na pamumuhay sa sosyal na konteksto sa epektibong paraan.

Ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Gesta et al. (2024), natuklasan na ang mga mag-aaral ay patuloy na nagpapakita ng pagpapahalaga at dedikasyon sa Filipino. Ito ay nagpapakita ng positibong epekto sa pag-unlad at pag-aaral ng mga mag-aaral na nagpapakita ng kanilang responsableng pag-uugali at pagpapahalaga sa edukasyon.

Talahanayan 3.2

Ang Pananaw ng mga mag-aaral tungo sa Impluwensiya ng Banyagang Wika sa pagkatuto ng Wikang Filipino

Isyung Sinuri	Pangunahing Ideya	Code/Kategorya	Pangunahing Tema	Teoritikal na Pokus
Pagpapanatili at pagpapalaganap ng Wikang Filipino bilang bahagi ng identidad at pagkakaisa	- Nais mapanatili ang wika bilang identidad ng pagka-Pilipino. - Nagpapalakas ng pagkakaisa sa bawat indibidwal sa pamamagitan ng wika. - Nagpapalaganap ng Wikang Filipino bilang bahagi ng pambansang pagkakakilanlan.	Pagpapanatili ng Wikang Filipino bilang Identidad ng Pilipino	Pagpapahalaga at Pangangalaga sa Wikang Filipino	Sociocultural Theory (Vygotsky, 1930)
	- Madaling nagkakaroon ng pagkakaunawaan ang bawat isa gamit ang sariling wika. - Nagpapahalaga sa Wikang Filipino bilang mahalagang bahagi ng pagiging Pilipino. - Nagpapadali ng komunikasyon at pagpapahayag ng	Pagtatampok sa Halaga ng Wikang Filipino sa Araw-araw na Pamumuhay		

	saloobin sa lipunan.			
Epekto ng paggamit ng banyagang wika sa pagkatuto at interkultural na ugnayan	- Nakatutulong ang banyagang wika sa pagsasalin at pagpapalawak ng impormasyon. - Nagpapadali ng pag-aaral sa iba't ibang larangan gamit ang banyagang wika. - Nagbibigay ng mas maraming oportunidad sa akademiko at propesyonal na aspekto.	Papel ng Banyagang Wika sa Edukasyon at Kaalaman	Epekto ng Banyagang Wika sa Edukasyon at Global na Ugnayan	Communicative Competence Theory (Dell Hymes, 1966)
	- Nagpapadali ng ugnayan sa ibang bansa gamit ang banyagang wika - Nagbibigay ng tyansang makihalubilo sa mga banyagang tao. - Nagpapalawak ng koneksyon sa iba't ibang kultura sa pamamagitan ng wika.	Epekto ng Banyagang Wika sa Pakikipag-ugnayan at Globalisasyon		
Pagtataguyod ng mas malawak na paggamit ng Wikang Filipino sa edukasyon at pananaliksik	- Mas pinapalawig ang paggamit ng Wikang Filipino sa edukasyon. - Binibigyan ng pokus ang paggamit ng wika sa pananaliksik. - Hinihikayat ang pagbabasa ng akdang nakasulat sa Wikang Filipino.	Pagtatag ng Wikang Filipino sa Edukasyon at Pananaliksik	Pagtataguyod ng Wikang Filipino sa Akademya at Lipunan	Language Planning Theory (Cooper, 1989)
	- Nagbibigay ng motibasyon sa mga mag-aaral sa pagkatuto ng Wikang Filipino - Itinuturo ang importansiya ng Wikang Filipino sa maayos at epektibong paraan. - Nag-oorganisa ng mga programang may kinalaman sa pagpapayaman ng wika.	Pagsusulong ng Programa at Gawaing Pangwika		

	Isinasagawa ang mga makabuluhang proyekto sa pagpapalakas ng Wikang Filipino.			
--	---	--	--	--

Epekto ng Banyagang Wika sa Edukasyon at Global na Ugnayan. Sa konteksto ng impluwensiya ng banyagang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino, ito ang pangalawang tema na nakita sa isyung sinuri. Ang temang may epekto ng banyagang wika sa edukasyon at global na ugnayan. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang *Communicative Competence* ni Dell Hymes (1966), na ipaliwanag na ang epektibong komunikasyon ay hindi lamang tungkol sa tamang paggamit ng gramatika kundi pati na rin sa kakayahang gamitin ang wika nang angkop sa iba't ibang sosyal at kultural na konteksto. Sa pamamagitan nito, nagiging mas epektibo ang isang tao sa pakikipag-usap gamit ang banyagang wika dahil natututo siyang isaalang-alang ang kultura, sitwasyon, at layunin ng komunikasyon.

Ito ay naaayon sa pag-aaral ni Melegrito (2022), na isa ang sektor ng edukasyon ang naapektuhan sa paglaganap ng banyagang wika sa kasalukuyang panahon. Ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay kasalukuyang gumagamit ng wikang Ingles bilang midyum sa pagtuturo. Mas napapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung wikang Ingles ang gagamitin ng mga guro.

Pagtaguyod ng Wikang Filipino sa Akademya at Lipunan. Ito ang ikatlong tema sa isyung sinuri. Ayon sa pananaw ng mga mag-aaral sa kabila man ng ibayong paglaganap ng banyagang wika sa paligid, ay kinakailangan pa ring ipagpatuloy ang pagtaguyod ng Wikang Filipino partikular na sa Akademya at sa Lipunan na konteksto. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang *Language Planning Theory* ni Cooper (1989) na kung saan ang pagpapalano ng wika ay isang sinadyang proseso na may layuning baguhin o paunlarin ang paggamit ng wika sa isang lipunan. Ipinahayag din sa teoryang ito na ang pagpapalano sa patamo ng wika ay isang salik upang maggamit at paunlarin ito sa pamamagitan ng pagnormalisa sa paggamit nito sa iba't ibang sitwasyon sa pang-araw-araw.

Kaugnay ng nabanggit, ayon sa pag-aaral ni Aganon (2022), nararapat lang na itaguyod ang wikang Filipino sa akademya partikular na sa mga kaguruan. Kinakailangan ng mga kaguruan ng Filipino ang patuloy na pag-aaral sa mas mataas na digri nang sa gayon ay makasabay sa mga pagbabagong nagaganap sa larangan ng kurikulum. Sa pamamagitan din nito ay napapanatili at napapaunlad pa lalo ang pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa larangan ng akademya sa mas epektibong pamamaraan.

3.6. Pagsama-sama ng Mahahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitatibo at Kwalitatibo

Ang mga resulta ng kwantitatibo at kwalitatibo na pag-aaral ay konektado sa bawat focal point, tulad ng inihayag ng natuklasang parehong mga yugto ng pag-aaral. Sa pamamagitan nito, ang mga implikasyon ng aksiolohikal ay partikular na karanasan, estratehiya at pananaw ng mga mag-aaral.

Impluwensiya ng Banyagang Wika. Sa kwantitatibong parte, sa ilalim ng indiketyor na *pagnanais para sa propesyon at pang-ekonomiyang pag-unlad* partikular na aytem na may napakataas na marka, *makatutulong na magkaroon ng mas maaayos na oportunidad sa trabaho pagkatapos ng aking pag-aaral* at nakakasiguro na ang impluwensiya ng banyagang wika ay nakatutulong sa paghahanap ng trabaho o propesyon sa hinaharap. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan, sa categoryang papel ng banyagang wika sa edukasyon at kaalaman sa ilalim ng temang *epekto ng banyagang wika sa edukasyon at global na ugnayan* partikular sa pangunahing ideyang *nagbibigay ng mas maraming oportunidad sa akademiko at propesyonal na larangan*. Ligas na sabihin na ang kwalitatibong data ay nagtatagpo sa kwantitatibong data.

Ito ay sinuportahan sa pag-aaral nina Baker at Fang (2021), na malaki ang ginampanan ng banyagang wika sa pagkakaroon ng malawak na kaalaman at malalim na pag-unawa ng iba't ibang kultura mula sa iba't ibang bansa. Ang pagkakaroon ng mataas na kumpiyansa ng mga mag-aaral sa banyagang wika ay nakatutulong upang magkaroon sila ng malawakang koneksyon sa iba't ibang kultura at magkaroon ng sapat na kaalaman sa global na konteksto.

Pagkatuto ng Wikang Filipino. Sa kwantitatibong parte, sa ilalim ng indiketyor na *paraan ng pagtuturo ng guro* partikular na sa aytem na may mataas na marka, *mas nauunawaan ko ang paksang tinatalakay sa aralin kung sa amin ipinapaulat ang mga paksa*. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan sa categoryang *pagtataguyod ng Filipino bilang wika ng pagkatuto at tagumpay* sa ilalim ng temang

pagtatag ng wikang filipino bilang susi sa edukasyon at propesyonal na tagumpay partikular na sa pangunahing ideya hinihikayat ang paggamit ng filipino sa mga opisyal na diskusyon at presentasyon. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong data ay nagtatagpo sa kwantitatibong data.

Talahanayan 4

Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitatibo at Kwalitatibo

ASPEKTO O FOCAL POINT	KWANTITATI- BONG NATUKLASAN	KWALITATIBONG NATUKLASAN	LIKAS NA INTEGRA- SYON	AKSIOLOHIKAL NA IMPLIKASYON
Implu- wensiya ng Banyagang Wika	Sa talahanayan 1.1, partikular sa indiketyor na <i>Pagnanais para sa propesyon at pang-ekonomiyang pag-unlad</i> sa aytem 5- <i>makatutulong na magkaroon ng mas maaayos na oportunidad sa trabaho pagkatapos ng aking pag-aaral</i> na may mean na 4.32 na may deskripsyon na napakataas.	Sa talahanayan 3.2 sa pananaw ng mga mag-aaral na may code na <i>Papel ng Banyagang Wika sa Edukasyon at Kaalaman</i> sa ilalim ng temang <i>Epekto ng Banyagang Wika sa Edukasyon at Global na Ugnayan</i> partikular sa pangunahing ideya 3- <i>Nagbibigay ng mas maraming oportunidad sa akademiko at propesyonal na larangan.</i>	Merging- converging	Ang mataas na rating para sa Impluwensiya ng Banyagang Wika partikular sa propesyon at pang-ekonomiyang pag-unlad ay nagpapakita ng malaking benepisyo ng Banyagang Wika para sa mga mag-aaral sa pagkakaroon ng maraming oportunidad sa pagkamit ng trabaho o propesyonal na larangan sa hinaharap.
	Sa talahanayan 1.1 sa Impluwensiya ng Banyagang Wika, partikular sa indiketyor na <i>Pagnanais na maging Global Citizen</i> sa aytem 3- <i>pinapalawak ang aking pananaw sa ibang kultura</i> na may mean na 4.34 na may deskripsyon na napakataas.	Sa talahanayan 3.2 sa pananaw ng mga mag-aaral na may code na <i>Epekto ng Banyagang Wika sa pakikipag-ugnayan at Globalisasyon</i> sa ilalim ng temang <i>Epekto ng Banyagang Wika sa Edukasyon at Global na ugnayan</i> partikular sa pangunahing ideya 3- <i>Nagpapalawak ng koneksyon sa iba't ibang kultura sa pamamagitan ng wika.</i>	Merging- converging	Ang mataas na rating para sa pagnanais na maging Global Citizen ay nagpapakita na nakatutulong ang pagtamo ng Banyagang Wika para sa mga mag-aaral upang magkaroon ng malalim 331ap ag-unawa sa iba't ibang kultura sa iba't ibang bansa.
	Sa talahanayan 1.1 sa Impluwensiya ng Banyagang Wika sa indiketyor na <i>Pagnanais na magkaroon ng Komunikasyon sa mga Banyagang</i>	Sa talahanayan 3.2 sa pananaw ng mga mag-aaral na may code na <i>Epekto ng Banyagang Wika sa Pakikipag-ugnayan at Globalisasyon</i> sa ilalim ng temang	Merging- converging	Ang mataas na rating para sa pagnanais na magkaroon ng Komunikasyon sa mga Banyagang tao ay nagpapakita ng kagustuhang matuto ng mga mag-aaral ng banyagang wika upang magkaroon ng koneksyon at

	<i>Tao sa aytem 3- nakatutulong na magkaroon ng mas madaling pakikisama sa mga banyaga na may mean na 4.30 na may deskripsyon na napakataas.</i>	<i>Epekto ng Banyagang Wika sa Edukasyon at Global na ugnayan partikular na sa pangunahing ideya 2- Nagbibigay ng tyansang makihalubilo sa mga banyagang tao.</i>		pagkakaunawaan sa isa't isa
	Sa talahanayan 1.1 sa Impluwensiya ng Banyagang Wika sa indiketyor na <i>Pagnanais ng kasiyahan sa sarili o self-satisfaction sa pagkatuto sa aytem 1 naka-iingganyong pag-aralan kapag binibigyan ako ng mga libro ng aking mga kaibigan na halaw sa ibang bansa na may mean na 4.12 na may deskripsyon na mataas.</i>	Sa talahanayan 3.1 sa karanasan ng mga mag-aaral na may code na <i>Pangingibabaw ng Banyagang Wika sa Edukasyon sa ilalim ng temang Paglaganap ng Wikang Banyaga sa Lipunan at Edukasyon partikular na sa pangunahing ideya 3- Gumagamit ng mga akademikong materyales na nakalimbag sa Wikang Banyaga.</i>	Merging-converging	Ang mataas na rating para sa pagnanais na kasiyahan sa sarili o self-satisfaction sa pagkatuto ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng mga akademikong materyales na nakalimbag sa Wikang Banyaga sa pang-edukasyon na larangan.
	Sa talahanayan 1.1 sa Impluwensiya ng Banyagang Wika sa indiketyor na <i>Sariling kakayahan o self-efficacy sa aytem 2- naiingganyo na matuto ng Banyagang Wika dahil sa pakiramdam ko magaling ako rito na may mean na 3.99 na may deskripsyon na mataas.</i>	Sa talahanayan 3.1 sa karanasan ng mga mag-aaral na may code na <i>Paglaganap ng Wikang Banyaga sa Araw-Araw na Pamumuhay sa ilalim ng temang Paglaganap ng Wikang Banyaga sa Lipunan at Edukasyon partikular na sa pangunahing ideya 2- Nagpapakita ng higit na kahusayan sa pagsasalita ng Ingles kaysa sa Filipino.</i>	Merging-converging	Ang mataas na rating para sa sariling kakayahan o self-efficacy ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay naiingganyong matuto ng Banyagang Wika dahil sa angking kahusayan ng kakayahan sa sariling matuto nito.
	Sa talahanayan 1.1 sa Impluwensiya ng Banyagang Wika sa indiketyor na <i>Pagnanais na makisama sa ibang</i>	Sa talahanayan 3.2 sa pananaw ng mga mag-aaral na may code na <i>Epekto ng Banyagang Wika sa Pakikipag-ugnayan at</i>	Merging-converging	Ang mataas na rating para sa pagnanais na makisama sa ibang kultura ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay gustong matuto ng wikang Banyaga upang magkaroon

	<i>kultura sa aytem 1 nakatutulong sa akin kung ako ay makapagdesisyon na tumira sa ibang bansa na may mean na 4.18 na may deskripsyon na mataas</i>	<i>Globalisasyon sa ilalim ng temang Epekto ng Banyagang Wika sa Edukasyon at Global na ugnayan partikular na sa pangunahing ideya 1- Nagpapadali ng ugnayan sa ibang bansa gamit gamit ang banyagang wika.</i>		ng ugnayan sa ibang banyagang tao kapag nakapagdesisyon silang tumira sa ibang bansa.
Pagkatuto ng Wikang Filipino	Sa talahanayan 1.2 sa Pagkatuto ng Wikang Filipino sa indikaytor na <i>Paraan ng Pagtuturo ng Guro</i> sa aytem 7 mas <i>nauunawaan ko ang paksang tinatalakay sa aralin kung sa amin ipinapaulat ang mga paksa</i> na may mean na 4.09 na may deskripsyon na mataas.	Sa talahanayan 3.1 sa estratehiya ng mga mag-aaral na may code na <i>Pagtataguyod ng Filipino bilang Wika ng Pagkatuto at Tagumpay</i> sa ilalim ng temang <i>Pagtatag ng Wikang Filipino bilang susi sa Edukasyon at Propesyon</i> na <i>Tagumpay</i> partikular na sa pangunahing ideya 2- <i>Hinihikayat ang paggamit ng Filipino sa mga opisyal na diskusyon at presentasyon.</i>	Merging-converging	Ang mataas na rating sa Pagkatuto ng Wikang Filipino, partikular na sa paraan ng pagtuturo ng Guro ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay mas natutunan ang Wikang Filipino kung ito ay ipinapaulat sa kanila. Sa pamamagitan nito ay nagagamit nila ang Filipino sa kanilang diskusyon at presentasyon.
	Sa talahanayan 1.2 sa Pagkatuto ng Wikang Filipino sa indikaytor na <i>Kapaligirang Pampagkatuto</i> sa aytem 8 mas <i>gusto kong magbasa ng libro kaysa sa pagbabasa sa internet ng iba't ibang impormasyon ukol sa aralin</i> na may mean na 3.97 na may deskripsyon na mataas.	Sa talahanayan 3.1 sa estratehiya ng mga mag-aaral na may code na <i>Paggamit ng Wikang Filipino sa Akademiko at Propesyon</i> na <i>Larangan</i> sa ilalim ng temang <i>Pagpapahalaga at paggamit ng Filipino sa Kultura, Edukasyon at Propesyon</i> partikular na sa pangunahing ideya 1- <i>Ginagamit ang Wikang Filipino sa pagbabasa ng mga akda at pananaliksik.</i>	Merging-converging	Ang mataas na rating sa Kapaligirang Pampagkatuto ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay ginagamit ang Wikang Filipino sa pagbabasa ng mga akda at iba pang akademikong materyales. Patuloy ang kanilang malawakang pagkatuto sa wikang ito.
	Sa talahanayan 1.2 sa Pagkatuto ng Wikang Filipino sa indikaytor na <i>Pamamaraang</i>	Sa talahanayan 3.1 sa karanasan ng mga mag-aaral na may code na <i>Pagpapahalaga sa</i>	Merging-converging	Ang mataas na rating ng Pamamaraang Pampagkatuto ng Mag-aaral ay nagpapakita na nagiging interesado ang mga mag-aaral sa pagkatuto

	<i>Pampagkatuto ng Mag-aaral sa aytem 5 mas gusto ko ng maraming tanong sa guro kaysa unawain at basahin ang isang aralin sa isang upuan na may mean na 4.00 na may deskripsyon na mataas.</i>	<i>Kultura at Identidad sa pamamagitan ng Wika sa ilalim ng temang Pagpapahalaga at Paggamit ng Filipino sa Kultura, Edukasyon at Propesyon partikular sa pangunahing ideya 3- Nagnanais ng malalim na pag-unawa sa kursong napili gamit ang Wikang Filipino.</i>		ng Wikang Filipino sa tulong ng gabay ng kanilang guro. Mas nagkakaroon ng malalim na pag-unawa sa wika batay sa kursong napili.
--	--	---	--	--

Bilang karagdagan, sinuportahan din ito ng pag-aaral ni Hicana (2024), nararapat lang na ipagpatuloy ang paggamit at pagpayaman ng ating pambansang wika, ang Wikang Filipino. Nararapat lang na ipagpatuloy natin ang pangangalaga ng wikang nagbuklod at nag-uugnay sa ating mga Pilipino, nang sa ganoon ay maipasa pa ang Wikang Filipino sa susunod na henerasyon.

IV.KONKLUSYON

Base sa resulta sa pananaliksik na ito, narito ang mga sumusunod na konklusyon:

Una, ang impluwensiya ng banyagang wika sa mga mag-aaral ay napakataas sa mga tuntunin o indiketyor nito. Ang kalagayan ng pagkatuto ng Wikang Filipino ay mataas din sa mga indiketyor na ito. Samakatuwid, ipinakita dito na ang mga indiketyor ng impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng wikang filipino ay palaging nagaganap at madalas na naipamalas ng mga mag-aaral sa ilalim ng programang Teacher Education sa institusyon ng KCAST.

Pangalawa, natuklasan sa mga resulta ang makabuluhang ugnayan ng impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng wikang filipino ng mga mag-aaral sa institusyong pang-edukasyon o *Teachers Education* gamit ang *Mean, R-Value at P-Value*. Natuklasan din na ang dalawang baryabol ay *rejected*, ito ay nagpapatunay na may makabuluhang ugnayan ang impluwensiya ng banyagang wika at pagkatuto ng wikang filipino sa mga mag-aaral ng institusyong pang-edukasyon.

Pangatlo, ang thematic analysis ng kwalitatibong data ay ginawa batay sa mga sagot na natamo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pinalaliman na panayam (IDI) at pokus na pangkalahatang talakayan (FGD). Sa kwalitatibong parte, ang mga mag-aaral sa ilalim ng programang Teacher Education ay nakakaranas ng iba't ibang sitwasyon sa kung paano nakakaapekto ang banyagang wika sa kanilang pagkatuto ng wikang filipino at ang kanilang pamamaraan o estratehiya sa pagharap ng impluwensiya ng banyagang wika sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino.

Pang-apat, mula sa mga tugon ng mga kalahok, nakilala ang iba pang mga tema na nagpapakita ng mga pananaw na ibinahagi ng mga mag-aaral sa programang Teacher Education patungkol sa mga mungkahi sa pagkatuto ng wikang filipino sa ilalim ng malawakang paglaganap ng banyagang wika.

Panghuli, ang parehong ang kwantitatibo at kwalitatibo na mga resulta ay nagpapatunay na sa kabila ng positibong epekto ng paglaganap ng banyagang wika sa paligid partikular na sa mga mag-aaral dahil may malaking ambag ito sa komunikasyon, sa larangan ng edukasyon at global na konteksto. Nagkakaroon pa rin ito ng negatibong epekto sa mga mag-aaral lalo na sa kanilang pagkatuto sa wikang Filipino. Sa kabuoan, ang integrasyon ng data sa mahahalagang natuklasan sa kwantitatibo at kwalitatibong parte ay nagpapakita na mayroong pagtatagpo sa result ana nagmumula sa mga tugon ng respondente at partisipante.

4.1. Rekomendasyon

Ang resulta ng pag-aaral impluwensiya ng banyagang wika ay nagpapakita na sa anim (6) na indiketyor ng impluwensiya ng banyagang wika, ang sariling kakayahan o *self-efficacy* ang may pinakamababang mean, na nagpapahiwatig ng mababang kakayahan sa sarili ng mga mag-aaral na gamitin ang banyagang wika sa kanilang pamumuhay. Inirerekomenda na kailangan magkaroon ng gabay ang mga mag-aaral sa paggamit ng banyagang

wika upang mapataas ang kanilang kumpiyansa sa sarili sa paggamit nito na hindi napapabayaang ang pagpapahalaga at pangangalaga ng wikang Filipino sa kanilang pag-aaral at pamumuhay. Ang mga guro ay maaari magsagawa ng mga programa o aktibidad upang mahasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng banyagang wika at napapanatili ang kasanayan sa wikang Filipino.

Sa karagdagan, ang resulta ng pag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino ay nagpapakita na sa tatlong (3) indikatoryor ng pagkatuto ng wikang Filipino, ang pamamaraang pampagkatuto ng mga mag-aaral ang may pinakamababang mean, na higit na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto sa wikang Filipino, Kaya, inirerekomenda na kailangan bigyan ng konsiderasyon ng mga guro ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga asignatura partikular na sa Filipino. Ang mga mag-aaral ay may kanya-kanyang paraan ng pagkatuto o *learning styles*, kaya inirerekomenda na magsagawa ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng mga asignatura partikular na sa Filipino upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto at mahasa pa ang kanilang kasanayan sa wikang Filipino.

Sa susunod na mananaliksik, ang aking rekomendasyon bilang mananaliksik sa pag-aaral na ito ay kinakailangan ding pagtuon ng pansin ang epekto ng malawakang paglaganap ng banyagang wika sa pagkatuto ng mga mag-aaral hindi lamang sa mas mataas na edukasyon kundi pati na rin sa iba't ibang antas ng edukasyon: paaralang elementarya, sekundarya at paaralang senior high lalo na sa epekto nito sa kanilang pag-unawa at kakayahang bumuo ng sariling akda gamit ang wikang Filipino.

TALASANGGUNIAN

- [1] Aganon, R. (2022). Kahandaan ng mga Propesor sa Filipino sa Pagtuturo ng mga Asignatura sa Bagong Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon: Batayang Pag-aaral Tungo sa Pagpaplanong Wika ng mga SUC III. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 28(2).
- [2] Alo, M. (2023). Kasanayan sa Linggwistika, Kakayahang Sosyolinggwistiko, at Komunikatibong Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Senior High School. *International Journal of Arts, Sciences and Education*. Vol. 4 Issue 2. ISSN: 2799-1091
- [3] Baker, W., & Fang, F. (2021). 'So maybe I'm a global citizen': developing intercultural citizenship in English medium education. *Language, Culture and Curriculum*, 34(1), 1-17.
- [4] Cavanagh, C. (2020). The role of English in global citizenship. *Journal of Global Citizenship & Equity Education*, 7(1).
- [5] Cooper, R. L. (1989). Language planning and social change. Cambridge university press.
- [6] Cortes, E. L., Barrios, J. I., Booc, W. M., Catulong, S. L., Laguna, D. N., Gamboa, S. S., Gorre, J. S., Date, A. S., & Aristoteles, N. B. (2024). Danas ng mga Mag-Aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Asignaturang Filipino. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRIS)*, 1(6), 1069-1074.
- [7] Creswell, J. W. (2003). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed method approaches (2nd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage.
- [8] Dos Santos, L. M. (2021, March). Developing bilingualism in nursing students: Learning foreign languages beyond the nursing curriculum. In *Healthcare* (Vol. 9, No. 3, p. 326). MDPI.
- [9] Dzulkalnine, N., Sumardi, N. A., Azman, M. N. A., Ibrahim, I., Qudus, N., & Abu Bakar, S. M. S. (2024). The Preferences of Student's Learning Method Based on Course, Gender and Age: Visual, Audio, Reading & Kinesthetic (VARK). *Information Management and Business Review*, 16(2(I)S), 1-11. [https://doi.org/10.22610/imbr.v16i2\(I\)S.3764](https://doi.org/10.22610/imbr.v16i2(I)S.3764)
- [10] Falcasantos, A.J., Buduan, A.J., Mendoza, R., Sabanal, J & Ferbes, G., (2024). Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagkatuto ng Mag-aaral sa Asignaturang Filipino. *America Research Journal of Humanities and Social Sciences Research* Vol. 8, Issue 3:109-120
- [11] Gesta, L. C., Bacalla, J. C. A., Diago, F. M. P., Libate, M. J. Q., Acebes, J. G., Podadera, A. K. C., ... & Gaddi, J. A. G. (2024). Lawak ng Pagpapahalaga sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral Sa Agham, Teknolohiya, Inhenyeriya, at Matematika. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(5), 1853-1864.
- [12] Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. *International Journal of Research Studies in Education*, 9(3). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5823>
- [13] Gonzales, R., & Lopez, M. Y. (2016). Foreign language learning motivation questionnaire: further examination of a six-factor model. *Unpublished manuscript*. Graduate School, University of Santo Tomas, Manila, Philippines. Retrieved April, 15, 2019.
- [14] Hicana, M. F. (2024). Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon. *CNU-JOURNAL OF HIGHER EDUCATION*, 18, 48-60.
- [15] Hymes, D. (1972). On communicative competence. *sociolinguistics*, 269293, 269-293.

- [16] Ji Y., Shapii A., 2024. A Systematic Review of Integrating Culture into Foreign Language Teaching and Learning. *Forum for Linguistic Studies*. 6(3): 213–229. DOI: <https://doi.org/10.30564/fls.v6i3.6677>
- [17] Lapatha, L., & Cuajao, J. (2024). Pagtatasa sa Paggamit ng KonteksFil sa Pagtuturo ng Filipino 11 ng Marigondon National High School, Lapu-lapu city, Cebu. *UB Advancing Filipino Research Journal*, 1(1), 101-115.
- [18] Macario, N. G. A., & Macario, D. B. (2023). *Kapaligirang Pampagkatuto, Klimang Pangklasrum at Performans sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 11*.
- [19] Melegrito, M. C. P. (2022). The Use of Filipino and English as Mediums of Instruction in the Teaching of Engineering Courses at the Tertiary Level. *European Online Journal of Natural and Social Sciences*, 11(3), pp-668.
- [20] Nacorda, R. F. T., & Garma, J. C. (2022). Forda Ferson: Implikasyon sa umuusbong na kulturang popular. *International Journal of Research Studies in Education*, 12(1). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.371>
- [21] Özer, Ö., & Akçayoğlu, D. İ. (2021). Examining the roles of self-efficacy beliefs, self-regulated learning and foreign language anxiety in the academic achievement of tertiary EFL learners. *Participatory Educational Research*, 8(2), 357-372.
- [22] Pan, L., Sun, D., Zou, Y., Cao, Y., Zhang, J., & Li, F. (2023). Psycho-linguistic and educational challenges in Teaching Chinese (Mandarin) Language: voices from None-Chinese teachers of Mandarin language. *BMC psychology*, 11(1), 390.
- [23] Phillipson, R. (1992). *Linguistic imperialism*. Oxford University Press.
- [24] Pongase, D. (2024). Modyular na Pagtuturo at Akademik Performans ng mga Mag-Aaral sa Filipino 10, Pampublikong Paaralan, Distrito ng Catigbian, Bohol. *UB Advancing Filipino Research Journal*, 1(1), 1-13.
- [25] Rabuya, J. C. A. (2023). Pananaw ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Filipino at Ingles Bilang Midyum ng Pag-aaral ng Matematika sa Makabagong Daigdig. *International Journal for Multidisciplinary Research*, 5(4).
- [26] Rivera, F., Teodoro, A., Intoy, S. M., & Dino, R. J. (2024). Graduate Tracer Study (GTS) ng mga Nagsipagtapos ng Batsilyerng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (2019-2023). *Education Review*, 13(1), 81-110.
- [27] Shadiev, R., & Huang, Y. M. (2022). Improving student academic emotions and learning satisfaction in lectures in a foreign language with speech-enabled language translation technology. *Australasian Journal of Educational Technology*, 38(3), 202–213. <https://doi.org/10.14742/ajet.7428>
- [28] Softa, L. (2022). *Instrumental Role of Foreign Language Learning in Public and Non- Public Pre-University Education System in Albania*.
- [29] Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes* (Vol. 86). *Harvard university press*.